Pagsasanay sa Filipino

Pangalan _____ Petsa _____ Marka _____

Pang-uri o Pang-abay

Kakayahan: Naisasabi kung ang salita sa pangungusap ay ginagamit bilang pang-uri o pang-abay

Isulat sa patlang kung ang salitang may salungguhit ay ginagamit bilang **pang-uri** o **pang-abay**.

1. _____ Ang tumatakbong kabayong itim ay <u>matulin</u>.
   _____ <u>Matulin</u> tumakbo ang kabayong itim.
2. _____ <u>Masigla</u> ang mga tao tuwing piyesta.
   _____ <u>Masiglang</u> sumasayaw ang mga tao sa piyesta.
3. _____ Ang guro namin ay <u>mahusay</u> magpaliwanag ng mga kababalaghan.
   _____ <u>Mahusay</u> ang paliwanag ng aming guro tungkol sa mga kababalaghan.
4. _____ <u>Magaling</u> magsulat ng mga kuwentong pambata si Flor.
   _____ Si Flor ay isang <u>magaling</u> na manunulat ng mga kuwentong pambata.
5. _____ Ang tatay ni Doris ay isang <u>matiyagang</u> manggagawa sa Saudi Arabia.
   _____ <u>Matiyagang</u> naghahanapbuhay ang tatay ni Doris sa Saudi Arabia.
6. _____ <u>Maayos</u> ang pila ng mga deboto sa prusisyon.
   _____ Idinaos nang <u>maayos</u> ang prusisyon ng mga deboto.
7. _____ <u>Madaling</u> nakumpuni ng magkapatid ang sirang bubong.
   _____ Ang pagkumpuni ng sirang bubong ay <u>madali</u> para sa magkapatid.
8. _____ Ang buhay ng mag-anak na Santos sa probinsiya ay <u>maginhawa</u>.
   _____ Ang mag-anak na Santos ay <u>maginhawang</u> namumuhay sa probinsiya.

© 2014 Pia Noche

Pagsasanay sa Filipino

Pangalan _____ Petsa _____ Marka _____

Pang-uri o Pang-abay (Mga Sagot)

Kakayahan: Naisasabi kung ang salita sa pangungusap ay ginagamit bilang pang-uri o pang-abay

Isulat sa patlang kung ang salitang may salungguhit ay ginagamit bilang **pang-uri** o **pang-abay**.

1. ___pang-uri___ Ang tumatakbong kabayong itim ay <u>matulin</u>.
   __pang-abay___ <u>Matulin</u> tumakbo ang kabayong itim.
2. ___pang-uri___ <u>Masigla</u> ang mga tao tuwing piyesta.
   __pang-abay___ <u>Masiglang</u> sumasayaw ang mga tao sa piyesta.
3. __pang-abay___ Ang guro namin ay <u>mahusay</u> magpaliwanag ng mga kababalaghan.
   ___pang-uri___ <u>Mahusay</u> ang paliwanag ng aming guro tungkol sa mga kababalaghan.
4. __pang-abay___ <u>Magaling</u> magsulat ng mga kuwentong pambata si Flor.
   ___pang-uri___ Si Flor ay isang <u>magaling</u> na manunulat ng mga kuwentong pambata.
5. ___pang-uri___ Ang tatay ni Doris ay isang <u>matiyagang</u> manggagawa sa Saudi Arabia.
   __pang-abay___ <u>Matiyagang</u> naghahanapbuhay ang tatay ni Doris sa Saudi Arabia.
6. ___pang-uri___ <u>Maayos</u> ang pila ng mga deboto sa prusisyon.
   __pang-abay___ Idinaos nang <u>maayos</u> ang prusisyon ng mga deboto.
7. __pang-abay___ <u>Madaling</u> nakumpuni ng magkapatid ang sirang bubong.
   ___pang-uri___ Ang pagkumpuni ng sirang bubong ay <u>madali</u> para sa magkapatid.
8. ___pang-uri___ Ang buhay ng mag-anak na Santos sa probinsiya ay <u>maginhawa</u>.
   __pang-abay___ Ang mag-anak na Santos ay <u>maginhawang</u> namumuhay sa probinsiya.

© 2014 Pia Noche